

“Sabi Nila at Ayon sa Amin: Lisod Sabton!” Ang mga Etnikong Estereotipo at Pansariling Estereotipo sa mga Cebuano at Waray sa Visayas State University

Hilda A. Pedrera
Visayas State University

Romeo J. Toring, Jr.
Visayas State University

Leslie Anne L. Liwanag
Visayas State University

ABSTRAK

Mula sa nakaraang pag-aaral nina Toring et al, natukoy na maituturing na multi-etniko at multikultural na institusyon ang Visayas State University sa Lungsod ng Baybay sa Leyte. Karamihang binubuo ng mga etnolingguwistikong grupong Waray at Cebuano ang populasyon ng institusyon. Ang saliksik na ito ay isang komparatibong pag-aaral sa mga etnikong estereotipo at pansariling estereotipo ng dalawang etnolingguwistikong grupo (pp.1). Sa pamamagitan ng minodipikang Katz at Braly na listahan ng mga katangian, nagawa ng papel na (1) magbahagi ng *profile* ng mga etnikong estereotipo at pansariling estereotipo ng dalawang etnolingguwistikong grupo, (2) matukoy ang *uniformity indices*, (3) matukoy ang pagkapositibo/pagkanegatibo ng *indices*, (4) maihambing at mapag-iba ang kani-kanilang *profile* ng mga etnikong estereotipo at pansariling estereotipo, (5) maihambing at mapag-iba ang *uniformity indices* ng kanilang etnikong estereotipo at pansariling estereotipo, at (6) maihambing at mapag-iba ang pagkapositibo/pagkanegatibo ng *indices* ng kanilang etnikong estereotipo at pansariling estereotipo. Makabuluhan ang pag-aaral hindi lámang para mabatid ang pagkakaiba kung paano binuo ng dalawang etnolingguwistikong grupo ang kani-kanilang estereotipo at kani-kanilang pansariling estereotipo, ngunit para mailatag ang mga preliminaryong impormasyon na maaaring magdulot ng pagbatid ng mga puwersa sa mga natukoy na etnolingguwistikong grupo, at kalaunan, makabuo ng mas nagkakaunawaang komunidad sa VSU, ng mga mamamayan sa Lungsod ng Baybay, at ng mga naninirahan sa Probinsiya ng Leyte. Mahalaga ang pananaliksik upang makapag-ambag sa hanay ng mga modelong pag-aaral na maaaring pagbatayan ng iba pang multikultural na institusyon at lokasyon sa bansa.

Mga Susing Salita: *Visayas State University, Cebuano, Waray, Etnikong Estereotipo sa Pilipinas, Pansariling Etnikong Estereotipo*

INTRODUKSIYON

Ang Visayas State University (dáting kilalá bilang VisCA) ay isang pampublikong institusyon ng lalong mataas na edukasyon sa Lungsod ng Baybay sa Probinsiya ng Leyte, sa kapuluan ng Visayas. Pinalalawak ang abót nito ng apat na eksternal kampus sa iba't ibang bahagi ng Leyte: ang College of Fisheries sa Tolosa Campus, College of Industrial Technology sa Isabel Campus, College of Environmental and Agricultural Technology sa Alangalang Campus, at College of Education and Agricultural Technology sa Villaba Campus. Ang pagkakahati ng Probinsiya ng Leyte ay karamihang binubuo ng mga Cebuano at ng mga Waray. Tinatayang binubuo ng mga Cebuano Leyteño ang 60% ng populasyon, habang tinatayang binubuo ng mga Waray Leyteño ang 40% ng populasyon. Nakahimpil ang probinsiyal na estado sa Baybay City, ang lungsod na kasalukuyang kinatatayuan ng VSU.

Ang papel na ito ay isang komparatibong pag-aaral ng mga etnikong estereotipo sa dalawang pangunahing etnolingguwistikong grupo sa VSU. Sa mas espesipikong paraan, sa pamamagitan ng minodipikang listahan ng mga katangian nina Katz at Braly, nilalayan ng papel na maipakita ang mga sumusunod: (1) magbahagi ng *profile* ng mga etnikong estereotipo at pansariling estereotipo ng dalawang etnolingguwistikang grupo, (2) matukoy ang *uniformity indices*, (3) matukoy ang pagkapositibo/pagkanegatibo ng *indices*, (4) maihambing at mapag-iba ang kani-kanilang profile ng mga etnikong estereotipo at pansariling estereotipo, (5) maihambing at mapag-iba ang *uniformity indices* ng kanilang etnikong estereotipo at pansariling estereotipo, at (6) maihambing at mapag-iba ang pagkapositibo/pagkanegatibo ng *indices* ng kanilang etnikong estereotipo at pansariling estereotipo.

REBYU NG MGA KAUGNAY NA LITERATURA

Katulad ng nabanggit sa unang bahagi ng papel, kinasangkapan ng pag-aaral na ito ang metodolohiyang binuo nina Katz at Braly, partikular na matatagpuan sa sanaysay na *Racial Stereotypes of One-Hundred College Students* (280-290). Nakalikha ng 84 na aytem na listahan ng mga katangian ang naturang mga may-akda na naglalarawan sa mga kaugalian ng 10 lahi/mamamayan batay sa paningin ng mga Amerikanong mag-aaral ng pamantasan, tulad ng Afrikanong Amerikano, Tsino, Ingles, Aleman, Irlandes, Italyano, Hapones, Hudyo, Turko, at Amerikano. Inilantad ng pag-aaral na ito na ang mga Amerikano, Aleman, at Ingles ay nakatanggap ng pinakapositibong katangian bílang lahi/mamamayan; samantalang ang mga Afrikanong Amerikano, Turko, at mga Italyano ay nakatanggap ng mga pinakanegatibong katangian.

Ginamit ang *uniformity index* na kinakalkula kung iláng katangian ang kinakailangan ng isang lahi/mamamayan para ang kabuoang *frequencies* ay tumumbas sa kabuoang bilang na kalahati ng mga pagpipilian ng mga kalahok. Inilahad din nina Katz at Braly na ang pinakamalilina na imahen sa isipan ng mga kalahok ay ang mga Afrikanong Amerikano, Aleman, at Hudyo; habang ang may pinakamalalabong pagsasalarawan ay ang mga Turko, Tsino, at Hapones.

Sa pamamagitan ng mga metodolohiya nina Katz at Braly at alinsunod sa pag-aaral nina Mendoza, et al., nabuo ang sanaysay na pinamagatang Isog Ka?: Komparatibong Pananaliksik Tungkol sa mga Etnikong Estereotipo ng mga Cebuano at Waray sa Visayas State University nina Toring, Jr., et al., na tumutok sa kung ano-ano ang mga estereotipo ng isang etnolingguwistikong grupo sa isa pang etnolingguwistikong grupo sa Pilipinas. Napagtibay ng papel na ang mga kapansin-pansing katangian ng mga etnikong estereotipo ng mga Cebuano Leyteño ay ang pagiging *affectionate/malambing/lovable, approachable/friendly, fun to be with, religious, values brotherhood/friendship, bright/matalino/wise*, mahusay magsalita ng Ingles, *polite/respectful*, mabarkada/*sociable*, malambing magsalita, *backbiting/* mahilig manlibak, at hindi mahusay magsalita ng Filipino/Tagalog; habang kapuna-punang mga etnikong estereotipo ng mga Waray Leyteño ay ang pagiging mahusay magsalita ng Filipino/Tagalog, *madiskarte/resourceful/street-smart, isog/courageous/* palaban, *adaptable/versatile/resilient*, makuwento/*talkative, adheres to* “bahala na,” mabilis magsalita, *ambitious/competitive, frank/unpretentious, aggressive/fierce*, isog moistorya/parang laging galit, *their language is difficult to understand*, at *bad tempered*. Napatunayan ng pag-aaral na kapuwa taglay ng mga Cebuano Leyteño at Waray Leyteño ang etnikong estereotipo ng pagiging *confident* at pagka-*active* sa *social media*. Natunghayan ding mas malinaw ang etnikong estereotipo para sa mga Waray Leyteño kompara sa mga Cebuano Leyteño; at nakitang mas positibo ang etnikong estereotipong Cebuano Leyteño, kompara sa mga Waray Leyteño na may mas negatibong etnikong estereotipo.

Makabuluhang paksa sa araling panlipunan ang pag-aaral tungkol sa mga estereotipo. Kapantay ng kalahagahang ito ang pagsiyasat tungkol sa pansariling estereotipo lalo na sa mga tema ukol sa diskriminasyon ng mga pangkat na nabibilang sa minorya at pagtatatag ng mga etnikong katangian. Sa aklat na *The Jewish Self-Image: American and British Perspectives, 1881-1939* ni Michael Berkowitz, sinuri ng may-akda ang mga salaysay at mga retrato ng mga hinirang na Hudyo. Inilarawan ng mga nakoletang kuwento kung paano hiniraya ng mga Hudyo ang kanilang “pagiging-Hudyo” sa kabila ng napakaraming diasporikong pangyayari o ang pagkalat ng

kanilang lahi sa mundo. Bukod dito, isang kabalintunaan ang naging pakikipaglaban nila noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig dahil nakabuo ito ng isang buklod-ngunit-watak na etnikong identidad sa pamamagitan ng isang unibersal na relihiyon na pinagbabahaginan ng malalapit na komunidad sa loob at labas ng Israel. Nakakatawag-pansin din na napakapositibo ng mga katangiang inaangkin ng mga Hudyo para sa kanilang sarili – sa usapin man ng anyo o asal, na kabaligtaran ng mga Hentil na may negatibong pananaw sa kanilang sarili dahil sa “pagiging hindi sanitaryo at pagiging mahirap.” Gayunpaman, naging kapaki-pakinabang para sa mga Hudyo ang pag-iral ng iisang etnorelihiyosong pakikibagay upang malabanan nila ang anomang trawmatikong karanasan matapos ang Holocaust, at habang nagkakaroon ng integrasyon sa Kanluraning kultura.

Maraming dalubhasa sa buong mundo ang nagsasagawa ng sari-saring pag-aaral tungkol sa mga epekto ng pansariling estereotipo sa mga mag-aaral. Ayon kina Steele at Aronson, ang mga Afrikanong Amerikano na nakatatanggap ng mga negatibong estereotipo bilang kanilang katangian ay nakakuha ng mas mababang puntos sa mga diyagnostikong pagsusulit kompara sa mga Europeong Amerikano (pp. 797-811). Sa kabiláng banda, napatunayan ni Diekfuss na hindi masyadong mapanganib ang estereotipong “dumb jock” (tumutukoy sa karaniwang mababang akademikong kakayahan ng mga atleta), kompara sa panukala ng mga naunang pag-aaral dahil maaaring hindi magtugma ang kaugalian nila mula sa mga ipinataw na estereotipo ng ilang mga grupo. Ang parehong pag-aaral na binanggit ay nagpapakita ng magkaibang implikasyon ng pansariling estereotipo; ang naunang pag-aaral ay nagpakita ng negatibong kahahantungan ng mga estereotipo, habang ang sumunod na pag-aaral, bagamat hindi ganap na positibo, ay naglalantad ng hindi masyadong peligrosong epekto. Dahil dito, ang pagtanggap ng negatibong estereotipo bilang pansariling estereotipo ay nagdudulot ng masamang epekto sa mga gawain ng mag-aaral. Kinompirma din sa mga pananaliksik nina Ford et al. (pp. 643-653) at Stroessner at Good ang mga hindi kanais-nais na konsekuwensiya ng mga estereotipo sa akademikong kakayahan.

Tinalakay nina Balagtas et al. na mga mag-aaral sa Departamento ng Sikolohiya ng University of the Philippines - Diliman ang paksa tungkol sa mga estereotipo ng mga mag-aaral sa hindi pa nailathalang pag-aaral na pinamagatang *You're not my (stereo) type: The Effects of Group Stereotypes and Humor Styles on the Perceived Academic Competence*. Nagsagawa ang mga mananaliksik ng isang panlipunang eksperimento sa 90 estudyante upang malaman ang kaugnayan ng mga pangkatang estereotipo at mga estilo ng pagbibiro sa akademikong kakayahan. Lumalabas na mas mahusay

sa pag-aaral ang mga nabibilang sa “aktibista” na estereotipo kompara sa mga inuri bilang “conyo” at “atleta” na mga estereotipo. Gayunpaman, inamin ng mga may-akda na ang namumukod-tanging “aktibistang” katangian sa UP ay maaaring nakaapekto sa pagsagot ng sarbey. Datapuwat, ang pananaliksik na ito na sumiyasat sa kaugnayan ng parehong estereotipo at estilo ng pagpapatawa sa akademikong kakayahan ay nagpapahayag na ang pagiging matalino ay tunay na pansariling estereotipo ng mga estudyante sa loob ng UP.

Inilunsad ang papel na ito mula sa naunang sanaysay nina Toring, Jr. et al., partikular na ang paggamit sa inisyal na mga nakalap na datos. May pagkakaiba ang disenyo ng pananaliksik ng grupo nina Toring, Jr. et al. mula sa pag-aaral nina Katz at Braly, gayundin sa tinaguriang “Princeton Trilogy,” sa proseso ng pagkalap ng datos at sa kung paano nabuo ng isang etnolingguwistikong grupo ang kanilang pansariling estereotipo. Gayong nakuha ang hulma ng pag-aaral nina Mendoza et al., kinasangkapan ng papel na ito ang metodolohiya sa dalawang etnolingguwistikong grupo sa isa sa mga nangungunang agrikultural na institusyon sa Visayas. Bukod dito, minabuting magsagawa ng sarbey na kakatawan sa iba’t ibang munisipalidad at lungsod sa Leyte na may konsiderasyon sa bilang ng mga laláki at babaeng kalahok sa pag-aaral. Katulad nina Mendoza et al, hindi nagamit ng naunang sanaysay ang nasabing mga datos na tungkol sa mga pansariling etnikong estereotipo. Samakatuwid, mas pinagtuonan lámang ng naunang pag-aaral nina Toring, Jr. et al. kung paano nabuo ang mga etnikong estereotipo ng isang namamayaning etnolingguwistikong grupo para sa isa pang nangingibabaw na etnolingguwistikong grupo sa Leyte. Sa pagkakataong ito, sinuri ng papel kung paano nabuo ang pansariling estereotipo ng isang etnolingguwistikong grupo, at mas napaigting na maihambing sa pagbuo ng pansariling estereotipo kaakibat ang etnikong estereotipong nilikha ng isa pang etnolingguwistikong grupo.

KAHALAGAHAN NG PAG-AARAL

Makabuluhan ang papel na ito hindi lámang para malaman kung may pagkakaiba sa pagbuo ng estereotipo ng mga natukoy na etnolingguwistikong grupo at ang kani-kaniyang pansariling estereotipo, kundi upang mailatag din ang mga paunang impormasyon patúngo sa pag-unawa ng mga puwersang nakapaloob sa mga etnolingguwistikong grupong ito, sa paglikha ng mas nag-uugnayang populasyon ng VSU, o ng mga mamamayan ng Lungsod ng Baybay, o ng mga naninirahan sa Probinsiya ng Leyte. Mahalaga rin ang papel para makapagbigay ng modelong pag-aaral na maaaring maging huwaran ng iba pang multikultural na institusyon at lokasyon sa bansa.

METODOLOHIYA

Katulad ng nabanggit, kinasangkapan ng papel na ito ang bahagi ng datos mula sa naunang sanaysay nina Toring, Jr. et al. Nakuha ang nasabing mga datos nang atasan ang 100 mag-aaral ng VSU na maglista ng mga katangiang pinakamakapaglalarawan sa mga Cebuano Leyteño, at maging sa mga Waray Leyteño. Tinipon ang kasagutan ng inisyal na mga kalahok at isinaayos alinsunod sa alpabetikong pagkakasunod-sunod. Alinsunod kay Berreman (pp. 7-12), isinama ng mga mananaliksik ang mga katangian mula sa listahan nina Katz at Braly na itinuring na kapaki-pakinabang sa pag-aaral kung kayâ binuo ito ng 170 aytem (tingnan sa Appendix A).

Sa pamamagitan ng talatanungang may 170 aytem, 50 Cebuano Leyteño at 50 Waray Leyteño na mga mag-aaral ng VSU, na hindi kabilang sa inisyal na 100 kalahok ng pag-aaral, ang inatasang pumili ng 20 kaugalian mula sa listahan na maglalarawan sa mga Cebuano Leyteño. Sinabihang maaari nilang isáma ang mga hindi nakalistang katangian na sa palagay nila’y maaari ding maglarawan sa mga Cebuano Leyteño. Matapos ang unang gawain, inatasan siláng isagawa ang parehong gawain para sa mga Waray Leyteño. Mula rito, inatasan ang mga mag-aaral na balikán ang mga napiling katangian ng mga Cebuano Leyteño at pinapiling muli ng 5 katangiang sa tingin nila’y maglalarawan sa mga Cebuano Leyteño. Inatasan siláng isagawa ang nasabing gawain para sa mga Waray Leyteño.

Naiiba ang pagpili sa mga kalahok mula sa disenyo ng pag-aaral na nalikha nina Katz at Braly sa paraang bahagi din ng etnolingguwistikong grupo na sinusuri ng papel na ito ang mga mag-aaral ng VSU. Upang matiyak kung sino-sino sa kanila ang Cebuano Leyteño o Waray Leyteño, inatasan siláng tukuyin ang kanilang inang wika (*mother language*) sa nasabing talatanungan.

Masusing pinag-aralan ang mga nakalap na datos mula sa mga talatanungan batay sa anim na pangunahing layunin ng papel na ito. Ipinapakita ng Figura 1 ang presentasyon ng konseptuwal na balangkas para sa mga isinagawang pagsusuri.




Fig. 1. Konseptuwal na Balangkas

Ang unang layunin ng papel na ito ay ang *profiling* ng mga etnikong estereotipo at pansariling estereotipo ng dalawang etnikolingguwistikong grupo. Para sa mga etnikong estereotipo, kinuha ang datos mula sa resulta ng pag-aral nina Toring Jr. et al. Para sa mga pansariling etnikong estereotipo, isinagawa ito sa pamamagitan ng pagtukoy sa nangungunang 12 katangian ng bawat grupo batay sa bilang ng *frequency* mula sa mga tugon na nanggaling sa naturang mga grupo. Ang pangalawang layunin ng papel ay ang pagtukoy sa *uniformity indices* ng dalawang etnikong estereotipo at pansariling estereotipo. Alinsunod kina Katz at Braly, makukuha ang komputasyon ng *uniformity index* ng isang etnolingguwistikong grupo sa pamamagitan ng pagbilang sa kabuoang *frequency* ng mga katangiang katumbas ng kalahati ng lahat ng pagpipilian ng mga kalahok (Katz at Braly 287). Kapag mas maliit ang *uniformity index* ng isang etnolingguwistikong grupo, mas malinaw ang

estereotipo nito. Para sa *uniformity indices* ng mga etnikong estereotipo, kinuhang muli ang resulta ng naunang sanaysay nina Toring, et al. Para sa *uniformity indices* ng mga pansariling etnikong estereotipo, kinuha ang komputasyon batay sa sistemang binuo nina Katz at Braly.

Ang pangatlong layunin ng papel ay ang pagtiyak sa pagkapositibo/pagkanegatibo ng *indices* ng dalawang etnikong estereotipo at mga pansariling etnikong estereotipo. Sa pamamagitan ng isinagawang sistema ng naunang sanaysay nina Toring et al., inuri-uri bilang positibo, neutral, o negatibo ang 170 katangiang nasa talatanungan. Makikita sa Apendiks B ang mga inuring katangiang ito. Ang 12 katangian na bumubuo sa estereotipo at pansariling estereotipo ng bawat etnolingguwistikong grupo ay inuri bilang positibo, neutral, o negatibo katulad ng nasa Apendiks B. Makukuha ang komputasyon ng pagkapositibo/pagkanegatibo ng *index* ng bawat etnolingguwistikong grupo sa pamamagitan ng pag-subtract ng kabuoang bilang ng mga negatibong katangian mula sa kabuoang bilang ng mga positibong katangian. Samakatuwid, kapag mas malaki ang bilang ng pagkapositibo/pagkanegatibo ng *index*, mas positibo ang magiging estereotipo nito.

Ang pang-apat na layunin ng papel ay ang paghahambing at pag-iiba ng mga *profile* ng estereotipo at pansariling estereotipo ng Cebuano Leyteño at Waray Leyteño. Sa mas espesipikong paraan, isinakatuparan ang paghahambing at pag-iiba para malaman kung (a) ano-anong katangian ang pinagbabahaginan ng etnikong estereotipo at pansariling estereotipong Cebuano; at (b) ano-anong katangian ang pinagbabahaginan ng etnikong estereotipo at pansariling estereotipong Waray. Ang panlimang layunin ng papel ay ang paghahambing at pag-iiba ng *uniformity indices* ng dalawang etnikong estereotipo at ng dalawang pansariling etnikong estereotipo. Sa mas espesipikong lente, isinagawa ang paghahambing at pag-iiba para malaman (a) kung anong etnolingguwistikong grupo ang may pinakamalápit na pagitan ng *uniformity indices* ng etnikong estereotipo at pansariling estereotipo; (b) kung anong etnolingguwistikong grupo ang may pinakamalayòng pagitan ng *uniformity indices* ng etnikong estereotipo at pansariling estereotipo; (c) ano ang *average uniformity index* ng mga etnikong estereotipo; (d) ano ang *average uniformity index* ng mga pansariling etnikong estereotipo; at (e) sa pangkalahatan, ano ang mas may pinakamalinaw na etnikong estereotipo o pansariling etnikong estereotipo.

Ang pang-anim na layunin ng papel ay ang paghahambing at pag-iiba ng pagkapositibo/pagkanegatibo ng *indices* ng dalawang etnikong estereotipo at ng dalawang pansariling etnikong estereotipo. Sa mas espesipikong paraan, isinakatuparan

ang mga paghahambing at pag-iiba para matukoy (a) kung anong etnolingguwistikong grupo ang may pinakamalápit na pagitan ng pagkapositibo/pagkanegatibo ng *indices* ng etnikong estereotipo at pansariling estereotipo; (b) kung anong etnolingguwistikong grupo ang may pinakamalayòng pagitan ng pagkapositibo/pagkanegatibo ng *indices* ng etnikong estereotipo at pansariling estereotipo; (c) ano ang *average* na pagkapositibo/pagkanegatibo ng *indices* ng dalawang etnikong estereotipo; (d) ano ang *average* na pagkapositibo/pagkanegatibo ng *indices* ng mga pansariling etnikong estereotipo; at (e) sa pangkalahatan, ano ang may mas positibong etnikong estereotipo o pansariling etnikong estereotipo.

MGA RESULTA AT DISKUSYON

Ang mga Etnikong Estereotipo at Pansariling Estereotipo ng mga Cebuano Leyteño at ng mga Waray Leyteño

Profile ng mga Etnikong Estereotipo at ng mga Pansariling Estereotipo

Ang Etnikong Estereotipo at Pansariling Estereotipong Cebuano Leyteño: Ipinepresenta ng talahanayan 1 ang nangungunang 12 katangian ng mga Cebuano ayon sa paningin ng mga Waray na kalahok, gayundin ang nangungunang 12 katangian ng mga Cebuano batay sa paningin ng mga Cebuanong kalahok.

Talahanayan 1: Mga Etniko Estereotipiko at Pansariling Etniko Estereotipikong Katangian ng mga Cebuano Leyteño

Etnikong Estereotipo (Sa Paningin ng mga Waray na Kalahok)			Pansariling Etnikong Estereotipo (Sa Paningin ng mga Cebuanong Kalahok)		
Mga Katangian	Frequency	Ranggo	Mga Katangian	Frequency	Ranggo
Active sa social media	14	1.50	Active sa social media	22	1.00
Affectionate/Malambing/ Lovable	14	1.50	Adheres to "Bahala Na"	13	2.00
Approachable/Friendly	12	3.00	Mabarkada/Sociable	11	3.00
Mabarkada/Sociable	10	4.50	Religious	10	4.00
Fun to be with	10	4.50	Adaptable/Versatile/Resilient	10	4.00
Malambing magsalita	8	6.00	Hospitable/Welcoming	10	4.00
Confident	7	7.00	Has Close Family Ties	9	7.50
Religious	6	8.00	Partygoer/Mahilig sa mga Salusalo	9	7.50
Backbiting/Mahilig manlibak	6	8.00	Backbiting/Mahilig manlibak	8	9.00
Values brotherhood/ Friendship	6	8.00	Approachable/Friendly	7	10.00
Bright/Matalino/Wise	6	8.00	Values brotherhood/ Friendship	6	11.00
Mahusay Magsalita ng Ingles	6	8.00	Ambitious/Competitive	6	11.00
Hindi Mahusay Magsalita ng Filipino/Tagalog	6	8.00	Madiskarte/Resourcefull/ Street-smart	6	11.00
Polite/Respectful	6	8.00			

Pinagtitiibay ang naunang sanaysay nina Toring, Jr. et al., makikita sa talahanayan 1 na nakabatay sa tugon ng mga kalahok na Waray Leyteño na inilalarawan

nila ang mga etnikong estereotipong Cebuano Leyteño sa sumusunod na mga katangian: *active sa social media* (n=14), *affectionate/malambing/lovable* (n=14), *approachable/friendly* (n=12), *mabarkada/sociable* (n=10), *fun to be with* (n=10), *malambing magsalita* (n=8), *confident* (n=7), *religious* (n=6), *backbiting/mahilig manlibak* (n=6), *values brotherhood/friendship* (n=6), *bright/matalino/wise* (n=6), *mahusay magsalita ng Ingles* (n=6), *hindi mahusay magsalita ng Filipino/Tagalog* (n=6), *at polite/respectful* (n=6).

Ipinakikita rin sa talahanayan 1 na kung ang tatanungin ay ang mga kalahok na Cebuano Leyteño, inilalarawan nila ang kanilang pansariling etnikong estereotipo sa sumusunod na mga katangian: *active sa social media* (n=22), *adheres to "bahala na"* (n=13), *mabarkada/sociable* (n=11), *religious* (n=10), *adaptable/versatile/resilient* (n=10), *hospitable/welcoming* (n=10), *has close family ties* (n=9), *partygoer/ mahilig sa mga salusalo* (n=9), *backbiting/mahilig manlibak* (n=8), *approachable/friendly* (n=7), *values brotherhood/friendship* (n=6), *ambitious/competitive* (n=6), *at madiskarte/resourceful/street-smart* (n=6).

Ang Etnikong Estereotipo at Pansariling Estereotipong Waray Leyteño: Ipinipresenta ng talahanayan 2 ang nangungunang 12 katangian ng mga Waray ayon sa paningin ng mga Waray na kalahok, gayundin ang nangungunang 12 katangian ng mga Waray batay sa paningin ng mga Cebuanong kalahok.

Talahanayan 2: Mga Etniko Estereotipiko at Pansariling Etniko Estereotipikong Katangian ng mga Waray Leyteño

Etnikong Estereotipo (Sa Paningin ng mga Cebuanong Kalahok)			Pansariling Etnikong Estereotipo (Sa Paningin ng mga Waray na Kalahok)		
Mga Katangian	Frequency	Ranggo	Mga Katangian	Frequency	Ranggo
<i>Aggressive/Fierce</i>	22	1.50	<i>Their language is difficult to understand</i>	18	1.00
<i>Parang laging galit/Isog Moistorya</i>	18	1.50	<i>Mahusay magsalita ng Filipino/Tagalog</i>	10	2.50
<i>Their language is difficult to understand</i>	9	3.00	<i>Active sa social media</i>	10	2.50
<i>Mahusay magsalita ng Filipino/Tagalog</i>	9	4.50	<i>Isog moistorya/Parang laging galit</i>	9	4.00
<i>Madiskarte/Resourceful/ Street-smart</i>	8	4.50	<i>Mabilis magsalita</i>	8	5.00
<i>Mabilis magsalita</i>	8	6.00	<i>Has sense of humour/ Palabiro</i>	7	6.50
<i>Bad Tempered</i>	8	7.00	<i>Mabarkada/Sociable</i>	7	6.50
<i>Courageous/Palaban/Isog</i>	8	8.00	<i>Ambitious/Competitive</i>	6	8.00
<i>Active sa social media</i>	6	8.00	<i>Confident</i>	6	8.00
<i>Makuwento/Talkative</i>	6	8.00	<i>Strict</i>	6	8.00
<i>Adaptable/Versatile/ Resilient</i>	5	8.00	<i>Not Friendly</i>	6	8.00
<i>Ambitious/Competitive</i>	5	8.00	<i>Unapproachable</i>		
<i>Adheres to "Bahala Na"</i>	5	8.00	<i>Aggressive/Fierce</i>	5	12.00
<i>Frank/Unpretentious</i>	5	8.00	<i>Madiskarte/Resourceful/ Street-smart</i>	5	12.00
<i>Confident</i>	5	8.00	<i>Makuwento/ Talkative</i>	5	12.00
			<i>Sensitive</i>	5	12.00
			<i>Hindi malinaw ang pagsasalita</i>	5	12.00
			<i>Serious</i>	5	12.00
			<i>Nagmumura/Mamalikas</i>	5	12.00

Pinagtitibay ang naunang sanaysay nina Toring, Jr. et al., makikita sa talahanayan 2 na nakabatay sa tugon ng mga kalahok na Waray Leyteño na inilalarawan nila ang mga etnikong estereotipong Cebuano Leyteño sa sumusunod na mga katangian: *aggressive/fierce* (n=22), *parang laging galit/isog* moistorya (n=18), *their language is difficult to understand* (n=9), mahusay magsalita ng Filipino/Tagalog (n=9), *madiskarte/resourceful/street-smart* (n=8), mabilis magsalita (n=8), *bad tempered* (n=8), *courageous/palaban/isog* (n=8), *active sa social media* (n=6), *makuwento/talkative* (n=6), *adaptable/versatile/resilient* (n=5), *ambitious/competitive* (n=5), *adheres to “Bahala Na”* (n=5), *frank/unpretentious* (n=5), at *confident* (n=5).

Ipinakikita rin ng talahanayan 2 na kung ang tatanungin ay mga kalahok na Waray Leyteño, inilalarawan nila ang kanilang pansariling etnikong estereotipo sa sumusunod na mga katangian: *their language is difficult to understand* (n=18), mahusay magsalita ng Filipino/Tagalog (n=10), *active sa social media* (n=10), *isog moistorya/parang laging galit* (n=9), mabilis magsalita (n=8), *has sense of humour/palabiro* (n=7), *mabarkada/sociable* (n=7), *ambitious/competitive* (n=6), *confident* (n=6), *strict* (n=6), *not friendly/unapproachable* (n=6), *aggressive/fierce* (n=5), *madiskarte/resourceful/street-smart* (n=5), *makuwento/talkative* (n=5), *sensitive* (n=5), hindi malinaw ang pagsasalita (n=5), *serious* (n=5), at *nagmumura/mamalikas* (n=5).

Uniformity Indices ng mga Etnikong Estereotipo at ng mga Pansariling Estereotipo

Uniformity Indices ng Etnikong Estereotipo at Pansariling Estereotipo ng mga Cebuano Leyteño: Ipinakikita ng talahanayan 3 ang komputasyon ng *uniformity indices* ng etnikong estereotipo at pansariling estereotipo ng mga Cebuano Leyteño.

Talahanayan 3: Komputasyon ng *Uniformity Indices* ng Etnikong Estereotipo at Pansariling Estereotipo ng mga Cebuano Leyteño

Mga Katangian	Etnikong Estereotipo		Pansariling Etnikong Estereotipo	
	Total Frequency	Kumulatibong Bilang ng mga Pinagpilian	Total Frequency	Kumulatibong Bilang ng mga Pinagpilian
1	14	14	22	22
2	14	28	13	35
3	12	40	11	46
4	10	50	10	56
5	10	60	10	66
6	8	68	10	76
7	7	75	9	85
8	6	81	9	94
9	6	87	8	102
10	6	93	7	109
11	6	99	6	115
12	6	105	6	121
13	6	111	6	127
14	6	117	5	132
15	5	122	5	137
16	5	127	4	141

17	5	132	4	145
18	4	136	4	149
19	4	140	4	153
20	4	144	3	156
Uniformity Index		15.6		11.67

Pinagtitibay ang naunang sanaysay nina Toring, Jr. et al., ipinakikita sa talahanayan 3 na ang *uniformity index* ng etnikong estereotipong Cebuano Leyteño ay 15.6. Ibig sabihin, kinakailangan ng mga estereotipikal na katangiang Cebuano Leyteño ng *frequencies* na aabot sa 15.6 para marating ang *value* na 250. Ipinakikita rin ng talahanayan 3 na ang *uniformity index* ng pansariling etnikong estereotipong Cebuano Leyteño ay 11.67. Samakatuwid, kinakailangan ng mga pansariling estereotipikal na katangiang Cebuano Leyteño ng *frequencies* na aabot sa 11.67 para marating ang *value* na 125. Ang diperensiya sa pagitan ng *values* na 250 at 125 ay batay sa diperensiya ng 100 kalahok na nagbigay ng kasagutan para mabuo ang etnikong estereotipo at ng 50 kalahok na nagbigay ng kasagutan para mabuo ang pansariling etnikong estereotipo.

Uniformity Indices ng Etnikong Estereotipo at Pansariling Estereotipo ng mga Waray Leyteño: Ipinakikita ng talahanayan 4 ang komputasyon ng *uniformity indices* ng etnikong estereotipo at pansariling estereotipo ng mga Waray Leyteño.

Talahanayan 4: Komputasyon ng *Uniformity Indices* ng Etnikong Estereotipo at Pansariling Estereotipo ng mga Waray Leyteño

Mga Katangian	Etnikong Estereotipo		Pansariling Etnikong Estereotipo	
	Total Frequency	Kumulatibong Bilang ng mga Pinagpilian	Total Frequency	Kumulatibong Bilang ng mga Pinagpilian
1	22	22	18	18
2	18	40	10	28
3	9	49	10	38
4	9	58	9	47
5	8	66	8	55
6	8	74	7	62
7	8	82	7	69
8	8	90	6	75
9	6	96	6	81
10	6	102	6	87
11	5	107	6	93
12	5	112	5	98
13	5	117	5	103
14	5	122	5	108
15	5	127	5	113
16	4	131	5	118
17	4	135	5	123
18	4	139	5	128
19	4	143	4	132
20	4	147	4	136
Uniformity Index		14.6		17.4

Pinagtitibay ang naunang sanaysay nina Toring, Jr. et al., ipinakikita ng talahanayan 4 na ang *uniformity index* ng etnikong estereotipong Waray Leyteño ay 14.6. Ibig sabihin, kinakailangan ng mga estereotipikal na katangiang Waray Leyteño ng *frequencies* na aabot sa 14.6 para marating ang *value* na 250. Ipinakita rin ng talahanayan 4 na ang *uniformity index* ng pansariling etnikong estereotipong Waray Leyteño ay 17.4. Samakatuwid, kinakailangan ng mga pansariling estereotipikal na katangiang Waray Leyteño ng *frequencies* na aabot sa 17.4 para marating ang *value* na 125.

Pagkapositibo/Pagkanegatibo ng *Indices* ng mga Etnikong Estereotipo at ng mga Pansariling Estereotipo

Pagkapositibo/Pagkanegatibo ng *Indices* ng mga Etnikong Estereotipo at ng mga Pansariling Estereotipong Cebuano Leyteño: Ipinakikita ng talahanayan 5 ang komputasyon ng pagkapositibo/pagkanegatibo ng *indices* ng mga etnikong estereotipo at ng mga pansariling estereotipo ng Cebuano Leyteño.

Talahanayan 5: Komputasyon ng Pagkapositibo/Pagkanegatibo ng *Indices* ng mga Etnikong Estereotipo at ng mga Pansariling Estereotipo ng Cebuano Leyteño

	Etnikong Estereotipo	Pansariling Etnikong Estereotipo
Mga Positibong Katangian (Bilang)	<i>Affectionate/Malambing/Lovable</i> <i>Approachable/Friendly</i> <i>Calm/ Malambing</i> <i>Magsalita</i> <i>Fun to be with</i> <i>Values brotherhood/ Friendship</i> <i>Bright/Matalino/Wise</i> Mahusay magsalita ng Ingles <i>Polite/Respectful</i> (8)	<i>Adaptable/Versatile/Resilient</i> <i>Approachable/Friendly</i> <i>Hospitable/Welcoming</i> <i>Values brotherhood /Friendship</i> <i>Madiskarte/Resourceful/ Street-smart</i> (5)
Mga Neutral na Katangian (Bilang)	<i>Active sa social media</i> <i>Mabarkada/Sociable</i> <i>Confident</i> <i>Religious</i> (4)	<i>Active sa social media</i> <i>Adheres to "Bahala Na"</i> <i>Mabarkada/Sociable</i> <i>Religious</i> <i>Has close family ties</i> <i>Party-goer/Mahilig sa mga salusalo</i> <i>Ambitious/Competitive</i> (7)
Mga Negatibong Katangian (Bilang)	<i>Backbiting/Mahilig manlibak</i> Hindi mahusay magsalita ng Filipino/Tagalog (2)	<i>Backbiting/Mahilig manlibak</i> (1)
Pagkapositibo/ Pagkanegatibo ng Index	8 - 2 = 6	5 - 1 = 4

Pinagtitibay ang naunang sanaysay nina Toring, Jr. et al., ipinakikita ng talahanayan 5 na ang pagkapositibo/pagkanegatibo ng *index* ng etnikong estereotipong

Cebuano Leyteño ay 6. Ipinakikita rin ng talahanayan 5 na ang pagkapositibo/pagkanegatibo ng *index* ng pansariling etnikong estereotipong Cebuano Leyteño ay 4.

Pagkapositibo/Pagkanegatibo ng *Indices* ng mga Etnikong Estereotipo at ng mga Pansariling Estereotipong Waray Leyteño: Ipinakikita ng talahanayan 6 ang komputasyon ng pagkapositibo/pagkanegatibo ng *indices* ng mga etnikong estereotipo at ng mga pansariling estereotipo ng Waray Leyteño.

Talahanayan 6: Komputasyon ng Pagkapositibo/Pagkanegatibo ng *Indices* ng mga Etnikong Estereotipo at ng mga Pansariling Estereotipo ng Waray Leyteño

	Etnikong Estereotipo	Pansariling Etnikong Estereotipo
Mga Positibong Katangian (Bilang)	Mahusay magsalita ng Filipino/ Tagalog	Mahusay magsalita ng Filipino/ Tagalog
	Madiskarte/ <i>Resourceful/Street-smart</i>	<i>Has sense of humour</i> /Palabiro
	Isog/ <i>Courageous</i> /Palaban	Madiskarte/ <i>Resourceful/Street-smart</i>
	<i>Adaptable/Versatile/Resilient</i> (4)	(3)
Mga Neutral na Katangian (Bilang)	<i>Active sa social media</i>	<i>Active sa social media</i>
	<i>Makuwento/Talkative</i>	Mabilis magsalita
	<i>Adheres to "Bahala Na"</i>	Mabarkada/ <i>Sociable</i>
	Mabilis magsalita	<i>Ambitious/Competitive</i>
Mga Negatibong Katangian (Bilang)	<i>Ambitious/Competitive</i>	<i>Makuwento/Talkative</i>
	<i>Frank/Unpretentious</i>	<i>Sensitive</i>
	<i>Confident</i>	<i>Serious</i>
	(7)	<i>Confident</i> (8)
Mga Negatibong Katangian (Bilang)	<i>Aggressive/Fierce</i>	<i>Their language is difficult to understand</i>
	Isog moistorya/Parang laging galit	Isog moistorya/Parang laging galit
	<i>Their language is difficult to understand</i>	<i>Strict</i>
	<i>Bad tempered</i> (4)	<i>Not friendly /Unapproachable</i>
Pagkapositibo/ Pagkanegatibo ng Index		<i>Aggressive/Fierce</i>
		Hindi malinaw ang pagsasalita
		Nagmumura/Mamalikas (7)
	4 - 4 = 0	3 - 7 = -4

Pinagtitiyab ang naunang sanaysay nina Toring, Jr. et al., ipinakikita ng talahanayan 6 na ang pagkapositibo/pagkanegatibo ng *index* ng etnikong estereotipong Waray Leyteño ay 0. Ipinakikita rin ng talahanayan 6 na ang pagkapositibo/pagkanegatibo ng *index* ng pansariling etnikong estereotipong Waray Leyteño ay -4.

Komparatibong Pagsusuri

Pagsusuri ng Ugnayan ng mga Etnikong Estereotipo at Pansariling Estereotipo

Pinagbabahaginang Katangian ng Etnikong Estereotipo at Pansariling Estereotipong Cebuano Leyteño: Ang Pigura 2 ay isang *Venn diagram* na nagpapakita

ng nag-uugnayang katangian ng etnikong estereotipo at pansariling estereotipong Cebuano Leyteño.




Figura 2: Pagsusuri sa Ugnayan ng mga Etnikong Estereotipo at Pansariling Estereotipo ng mga Cebuano Leyteño

Pinatunayan ng pagsusuri ng ugnayan ng figura 2 ang sumusunod na mga katangiang pinagbabahaginan ng etnikong estereotipo at pansariling estereotipo ng mga Cebuano Leyteño: *active sa social media, approachable/friendly, backbiting/ mahilig manlibak, mabarkada/sociable, religious, at values brotherhood/friendship.*

Pinagbabahaginanag Katangian ng Etnikong Estereotipo at Pansariling Estereotipong Waray Leyteño: Ang Figura 3 ay isang *Venn diagram* na nagpapakita ng nag-uugnayang mga katangian ng etnikong estereotipo at pansariling estereotipong Waray Leyteño.




Figura 3: Pagsusuri ng Ugnayan ng mga Etnikong Estereotipo at Pansariling Estereotipo ng mga Waray Leyteño

Ipinakikita ng Figura 2 na may 6 na magkakaparehong katangian sa mga etnikong estereotipo at mga pansariling etnikong estereotipo ang mga Cebuano Leyteño. Samantala, ipinakikita ng Figura 3 na may 10 magkakaparehong katangian sa mga etnikong estereotipo at mga pansariling etnikong estereotipo ang mga Waray Leyteño. Kung paghahambingin ang dalawang etnolingguwistikong grupo, lumalabas na mas marami ang pagkakatulad ng mga etnikong estereotipo at ng pansariling etnikong estereotipo ng mga Waray Leyteño kompara sa mga Cebuano Leyteño.

Paghahambing ng *Uniformity Indices*

Ipinakikita ng talahanayan 7 ang paghahambing ng *uniformity indices* ng mga etnikong estereotipo at pansariling estereotipo ng dalawang etnolingguwistikong grupo, gayundin ang numerikal na diperensiya ng tinukoy na *indices*.

Talahanayan 7: Paghahambing ng *Uniformity Indices* ng mga Etnikong Estereotipo at Pansariling Estereotipo ng Dalawang Etnolingguwistikong Grupo

Etnolingguwistikong Grupo	Etnikong Estereotipo	Pansariling Estereotipo	Diperensiya
Cebuano	15.6	11.67	3.93
Waray	14.6	17.4	-2.8
<i>Average</i>	15.1	14.54	0.56

Pinatutunayan ng talahanayan 7 na mas malinaw ang pansariling estereotipo ng Cebuano kompara sa etnikong estereotipo nito. Samantala, mas malinaw ang etnikong estereotipong Waray kompara sa pansariling estereotipo nito. Ipinakikita rin ng talahanayan 7 na mas malápit ang *uniformity indices* ng etnikong estereotipo at pansariling estereotipo ng mga Waray kompara sa mga Cebuano.

Paghahambing ng Pagkapositibo/Pagkanegatibo ng *Indices*

Ipinakikita ng talahanayan 8 ang paghahambing ng pagkapositibo/pagkanegatibo ng *indices* ng etnikong estereotipo at pansariling estereotipo ng dalawang etnolingguwistikong grupo, gayundin ang mga numerikal na diperensiya ng natukoy na *indices*.

Talahanayan 8: Paghahambing ng Pagkapositibo/Pagkanegatibo ng *Indices* ng mga Etnikong Estereotipo at Pansariling Estereotipo ng Dalawang Etnolingguwistikong Grupo

Etnolingguwistikong Grupo	Etnikong Estereotipo	Pansariling Estereotipo	Diperensiya
Cebuano	6.00	4.00	2.00
Waray	0.00	-4.00	4.00
<i>Average</i>	3.00	0.00	3.00

Pinatutunayan ng talahanayan 8 na ang pansariling estereotipong Cebuano ay mas positibo kompara sa etnikong estereotipo nito. Samantala, ang etnikong estereotipong Waray ay hindi gaanong negatibo kompara sa pansariling estereotipo nito. Pinatutunayan ng talahanayan 8 na mas malápit ang etnikong estereotipo at pansariling estereotipo ng pagkapositibo/pagkanegatibo ng *indices* ng mga Cebuano kompara sa mga Waray.

KONGKLUSYON

Kung napagtibay ng naunang sanaysay nina Toring, Jr. et al. na ang mga katangiang bumubuo sa etnikong estereotipong Cebuano Leyteño ay *active* sa *social media*, *affectionate/malaming/lovable*, *approachable/friendly*, *mabarkada/sociable*, *fun to be with*, *malaming magsalita*, *confident*, *religious*, *backbiting/mahilig manlibak*, *values brotherhood/friendship*, *bright/matalino/wise*, mahusay magsalita ng Ingles, hindi mahusay magsalita ng Filipino/Tagalog, at *polite/respectful*, nagawa naman ng papel na ito na maidagdag ang mga katangiang bumubuo sa pansariling etnikong estereotipong Cebuano Leyteño tulad ng pagiging *active* sa *social media*, *adheres to* “bahala na,” *mabarkada/sociable*, *religious*, *adaptable/versatile/resilient*, *hospitable/welcoming*, *has close family ties*, *partygoer/mahilig* sa mga salusalo, *backbiting/mahilig manlibak*, *approachable/friendly*, *values brotherhood/friendship*, *ambitious/competitive*, at *madiskarte/resourceful/street-smart*. Bukod dito, kung napagtibay ng naunang sanaysay nina Toring, Jr. et al. na ang mga katangiang bumubuo sa etnikong estereotipong Waray Leyteño ay *aggressive/fierce*, parang laging galít/isog moistorya, *their language is difficult to understand*, mahusay magsalita ng Filipino/Tagalog, *madiskarte/resourceful/street-smart*, mabilis magsalita, *bad tempered*, *courageous/palaban/isog*, *active* sa *social media*, *makuwento/talkative*, *adaptable/versatile/resilient*, *ambitious/competitive*, *adheres to* “bahala na,” *frank/unpretentious*, *confident*, at *polite/respectful*, nagawa naman ng papel na ito na maidagdag ang mga katangiang bumubuo sa pansariling etnikong estereotipong Waray Leyteño tulad ng *their language is difficult to understand*, mahusay magsalita ng Filipino/Tagalog, *active* sa *social media*, isog moistorya/parang laging galít, mabilis magsalita, *has sense of humour/palabiro*, *mabarkada/sociable*, *ambitious/competitive*, *confident*, *strict*, *not friendly/unapproachable*, *aggressive/fierce*, *madiskarte/resourceful/street-smart*, *makuwento/talkative*, *sensitive*, hindi malinaw ang pagsasalita, *serious*, at *nagmumura/mamalikas*.

Napatunayan ng papel na ang etnikong estereotipo at pansariling estereotipong Waray ay may mas malaking bilang ng katangiang pinagbabahaginan.

Samantala, ang etnikong estereotipo at pansariling estereotipong Cebuano any may mas mababang bilang ng katangiang pinagbabahagian. Napagtibay rin ng papel na mas malápit ang pagitan ng bilang ng *uniformity indices* ng etnikong estereotipo at pansariling estereotipong Waray. Samantala, mas malayò ang pagitan ng bilang ng *uniformity indices* ng etnikong estereotipo at pansariling estereotipong Cebuano. Sa pangkalahatan, ang mga etnikong estereotipo ay banayad na malinaw kompara sa mga pansariling etnikong estereotipo dahil natunghayan na ang pansariling estereotipong Waray ay mas malabo kompara sa mga esterotipo nito. Napatunayan din ng papel na malayò ang puwang sa isa't isa ng pagkapositibo/pagkanegatibo ng *indices* ng etnikong estereotipo at pansariling estereotipong Cebuano at Waray, na nagpapakita lámang na kapuwa ang etnikong estereotipo at pansariling estereotipo ng mga Cebuano ay mas positibo kompara sa estereotipo at pansariling estereotipo ng mga Waray. Sa pangkalahatan, mas positibo ang etnikong estereotipo kompara sa mga pansariling etnikong estereotipo.

Sa figura 5, kinakatawan ng x-axis ang *uniformity index*; kinakatawan ng y-axis ang pagkapositibo/pagkanegatibo ng *index*; samantalang kinakatawan ng mga súkat ng mga bilog ang mga bilang ng pinagbahaginang katangian ng mga estereotipo (itim na bilog) at ang kani-kanilang pansariling estereotipo (mga puting bilog).




Figura 5: Tatlong Dimensiyonal na Paghahambing ng Dalawang Etnikong Estereotipo at Pansariling Estereotipo

Ipinakikita ng figura 5 na ang mga etnikong estereotipo ng mga Cebuano Leyteño (C, puti na bilog) ay may mas malinaw na imahen, habang ipinahihiwatig na ang pansariling etnikong estereotipo ng mga Waray Leyteño (W, itim na bilog) ay may mas malabong imahen. Ang Cebuano Leyteño (C, itim na bilog) ay nagpapakita ng mas positibong imahen sa etnikong estereotipo, habang ang Waray Leyteño (W, puti na

bilang) ay nagpapahayag ng mas negatibong imahen sa etnikong estereotipo. Mas maraming bilang ang pinagbabahaginan ng mga katangian sa etnikong estereotipo ng mga Waray Leyteño (W, puti na bilang) at sa pansariling etnikong estereotipo (W, itim na bilang), kompara sa mas kaunting bilang na pinagbabahaginan ng mga katangian sa etnikong estereotipo ng mga Cebuano Leyteño (C, puti na bilang) at ng pansariling etnikong estereotipo (C, itim na bilang). Samakatuwid, ang etnikong estereotipo at pansariling etnikong estereotipo ng mga Cebuano Leyteño ay may mas malinaw at may higit na positibong tambalan, kompara sa tambalan ng etnikong estereotipo at pansariling etnikong estereotipo ng mga Waray Leyteño. Bagamat mas malabo at mas negatibo ang etnikong estereotipo at pansariling etnikong estereotipo ng mga Waray, nagpapakita naman ang tambalang ito ng pinakamaraming pagkakasundo ng mga katangian.

TALASANGGUNIAN

- Balagtas, Danielle Ann, et al. "You're not my (stereo)type: The Effects of Group Stereotypes and Humor Styles on the Perceived Academic Competence." 2015. Department of Psychology, University of the Philippines, student paper. doi:10.13140/RG.2.2.30218.26563
- Berkowitz, Michael. *The Jewish Self-Image: American and British Perspectives, 1881-1939*. Reaktion Books, 2000.
- Berremán, Joel. "Filipino Stereotypes of Racial and National Minorities." *The Pacific Sociological Review*, vol. 1, no. 1, March 1958, pp. 7-12. JSTOR, doi:10.2307/1388608
- Diekfuss, Jed. *The Dumb Jock: How Stereotype Threats Impact Student-Athletes' Standards of Academic Competence*. 2012. The University of Wisconsin-Oshkosh. Master's thesis. digital.library.wisc.edu/1793/63058
- Ford, Thomas, et al. "Coping Sense of Humor Reduces Effects of Stereotype Threat on Women's Math Performance." *Personality and Social Psychology Bulletin*, vol. 30, no. 5, May 2004, pp. 643-653. SAGE journals, doi:10.1177/0146167203262851
- Katz, Daniel, and Kenneth Braly. "Racial Stereotypes of One Hundred College Students." *The Journal of Abnormal and Social Psychology*, vol. 28, no. 3, 1933, pp. 280-290. APA PsycNet, doi:10.1037/h0074049
- Mendoza, Jeanette, et al. "Comparative Study on the Ethnic Stereotypes of the Kapampangan, Ilocano and Tagalog Students of Tarlac State University." Typescript.
- Toring, Romeo Jr., et al. "Isog Ka?: Komparatibong Pananaliksik Tungkol sa mga Etnikong Estereotipo ng mga Cebuano at Waray sa Visayas State University." *Social Science Diliman*, vol. 15, no. 2, 2019, pp. 28-51. <https://journals.upd.edu.ph/index.php/socialsciencediliman/issue/view/672>
- Steele, Claude M. and Joshua Aronson. "Stereotype Threat and the Intellectual Test Performance of African Americans." *Journal of Personality and Social Psychology*, vol. 69, no. 5, 1995, pp. 797-811. NYU, doi:10.1037/0022-3514.69.5.797
- Stroessner, Steve and Catherine Good. "Stereotype Threat: An Overview." Adapted by R. Rhys. *Reducing Stereotype Threat*, 2011. diversity.arizona.edu/sites/default/files/stereotype_threat_overview.pdf

APENDIKS

Apendiks A: 170-Item na Listahan ng mga Kaugalian

Active sa Social Media	Fashionista	Liar/Insincere
Adaptable/Versatile/Resilient	Flirt/Malandi/Uwagan/Kiat	Maayos Manamit
Adheres to "Bahala Na"	Forgiving/Compassionate	Mabagal Magsalita
Adores/Looks up to Foreigners/	Frank/Unpretentious	Mabilis Magsalita
May Colonial Mentality	Fun to be with	Madaling Mauto/Trusting
Affectionate/Malambing/	Generous/Thoughtful	Madiskarte/Resourceful/Street-smart
Lovable	Gentle/Mahinhin	Magaling Magluto
Aggressive/Fierce	Girlfriend/Boyfriend Material	Magaling sa Musika/Kumanta
Always on Time/Punctual	Gloomy	Maganda/Guwapo/Cool
Ambitious/Competitive	Good Conversationalist	Mahilig Gumala/ Lagaan
Approachable/Friendly	Happy/Masayahin/Malipayon	Mahilig Kumain
Average in Height	Has Close Family Ties	Mahilig Mag-swimming
Backbiting/Mahilig Manglibak	Has Crab Mentality	Mahilig sa Pampaputi
Bad Listener	Has Sense of Humour/Palabiro	Mahilig sa Sports
Bad Tempered	Has Superiority Complex/	Mahilig Sumayaw
Bright/Matalino/Wise	Mataas ang Pride	Mahilig Uminom
Bully	Helpful/Service-oriented/	Mahirap Pakisamahan
Calm/Mahinahon/Malambing	Maalagaron	Mahusay Magsalita ng
Magsalita	Hindi Mahusay Magsalita ng	Filipino/Tagalog
Cares for the Environment	Filipino/Tagalog	Mahusay Magsalita ng Ingles
Caring/Loving	Hindi Malinaw ang Pagsasalita	Makabayan
Confident	Hindi Nakikialam	Makapal ang Mukha/Waray
Conservative	Hindi Tugma ang Tono ng Salita	Awod/ Baga Og Nawng
Contented	at Gustong Sabihin	Makatao
Cooperative/Magaling	Hospitable/Welcoming	Makuwento/ Talkative
Makisama	Ignorant	Maldita/Maldito
Corrupt/Opportunistic	Impatient	Malicious
Coward	Impulsive	Malinis sa Katawan
Critical-Minded	Independent	Manloloko/Swindler/Botboton
Curious/Explorer	Innovative/Creative	Maraming Wikang Alam
Demanding	Isog moistorya/Parang Laging	Martir/Mapagtimpi/Maato-ato
Determined/Focused	Galit	Masunurin
Devoted/Faithful/Loyal	Isog/Courageous/Palaban	Masyadong Liberated
Diligent/Hardworking/Industrious	Iyakin	Matapang ang
Discriminates People from other	Judgemental	Hitsura/Intimidating
Ethnic Groups	Kind-Hearted/ Mabait / Buotan	Matigas ang Accent
Emphatic/Expressive	Laging May Ipinaglalaban/May	May Regional Mentality
Entertaining	Paninindigan	Mayabang/Hambogero
Entrepreneur	Laging	Mayaman
Entirely Sociable	Nanghihingi/Parapangayu	Mestisa/Mestiso/ Fair Skinned
Fan Girl/Fan Boy	Lazy/Tamad/Tapulan	Modernized
Morena/Moreno	Leader/Decision-Maker	Social climber/ Gold digger
Multicultural	Patient	Stingy/Kuripot/Tihik
Nagmamamunong	Physically Fit and Strong	Strict
Nagmumura/Mamalikas	Pinapahalagahan ang Payo ng	Strict ang Kanilang Parents
Naniniwala sa Kapit-Bisig/	Nakakatanda	Stubborn/Matigas Ulo
Strong Community Spirit	Pinapaikli ang mga Salita	Superstitious/Naniniwala Sa
Napaghihinalang	Polite/Respectful	Kulam ug Wakwak
Mangkukulam / Wakwak	Poor	Takot sa Ibang Ethnic Group
Not Easily Contented	Preentious	Talks Without Any Evidence
Not Friendly/Unapproachable	Private/Secretive	Their Language is Difficult to
	Professional	

Not Open-Minded	Realistic	Understand
Not/Less Liberated	Rebellious	Trustworthy/Responsible/Reliable
Okay lang ang Teenage	Reklamador	
Pregnancy	Religious	Tsismoso/Tsismosa
Open-Minded	Rude/Inconsiderate	Two-Timer
Optimistic/Positive thinker	Sarcastic	Umaasa sa Padrino System
Organized	Scandalous	Understanding/Considerate
Palaging Late	Self-Centered/Egocentric	Untidy
Pangit/Maot	Sensitive	Unwilling to Listen/Learn the
Pango	Serious	Other Group's Language
Papansin/ Showy	Mahiyain/Shy	Values Brotherhood/Friendship
Party-goer/ Mahilig sa mga	Simple	Values One's Culture
Salusalo	Singkit	
Pasaway/ Badlongon	Smelly Armpits	

Apendiks B: 170 na mga Kaugalian mula sa Talatanungan ng Inuri bilang Positibo, Negatibo, at Neutral

Mga Positibong Katangian	Mga Neutral na Katangian	Mga Negatibong Katangian
Adaptable/Versatile/Resilient	Active sa Social Media	Adores/Looks up to Foreigners/
Affectionate/Malambing/ Lovable	Adheres to "Bahala Na"	May Colonial Mentality
Always on Time/Punctual	Ambitious/Competitive	Aggressive/Fierce
Approachable/Friendly	Average in Height	Backbiting/Mahilig Manglibak
Bright/Matalino/Wise	Confident	Bad Listener
Calm/Mahinahon/Malambing	Conservative	Bad Tempered
Magsalita	Contented	Bully
Cares for the Environment	Critical-Minded	Corrupt/Opportunistic
Caring/Loving	Curious/Explorer	Coward
Cooperative/Magaling Makisama	Emphatic/Expressive	Demanding
Courageous/Palaban/Isog	Entertaining	Discriminates People from other
Determined/Focused	Entrepreneur	Ethnic Groups
Devoted/Faithful/Loyal	Fan Girl/Fan Boy	Flirt/Malandi/Uwagan/Kiat
Diligent/Hardworking/Industrious	Fashionista	Gloomy
Forgiving/Compassionate	Frank/Unpretentious	Has Crab Mentality
Fun to be with	Has Close Family Ties	Has Superiority Complex/Mataas ang Pride
Generous/Thoughtful	Hindi Nakikialam	Hindi Malinaw ang Pagsasalita
Gentle/Mahinhin	Hindi Tugma ang Tono ng Salita at Gustong Sabihin	Ignorant
Girlfriend/Boyfriend Material	Hospitable/Welcoming	Impatient
Good Conversationalist	Independent	Impulsive
Happy/Masayahin/Malipayon	Laging May Ipinaglalaban/May Paninindigan	Iyakin
Has Sense of Humour/Palabiro	Mabagal Magsalita	Judgemental
Helpful/Service-oriented/Maalagaron	Mabarkada/Sociable	Laging Nanghihingi/Parapangayu
Hindi Mahusay Magsalita ng Filipino/Tagalog	Mabilis Magsalita	Lazy/Tamad/Tapulan
Innovative/Creative	Mahilig Gumala/Lagaan	Liar/Insincere
Kind-Hearted/ Mabait / Buotan	Mahilig Kumain	Madaling Mauto/Trusting
Leader/Decision-Maker	Mahilig Mag-swimming	Mahirap Pakisamahan
Maayos Manamit	Mahilig sa Pampaputi	Makapal ang Mukha/Waray
Madiskarte/Resourceful/Street-smart	Mahilig sa Sports	Awod/ Baga Og Nawng
Magaling Magluto	Mahilig Sumayaw	Maldita/Maldito Malicious
Magaling sa Musika/Kumanta	Mahilig Uminom	Manloloko/Swindler/Botboton
Maganda/Guwapo/Cool	Mahiyain/Shy	Masyadong Liberated
Mahusay Magsalita ng Filipino/Tagalog	Makuwento/ Talkative	Matapang ang
Mahusay Magsalita ng Ingles	Martin/Mapagtimpi/Maato-ato	Hitsura/Intimidating
Makabayan	Mestisa/Mestiso/ Fair Skinned	Matigas ang Accent
Makatao	Morena/Moreno	May Regional Mentality
	Multicultural	Mayabang/Hambogero
	Not/Less Liberated	Nagmamamunong
		Nagmumura/Mamalikas

Malinis sa Katawan	Okay lang sa Kanila ang Teenage	Napaghihinalaang
Maraming Wikang Alam	Pregnancy	Mangkukulam/Wakwak
Masunurin	Pango	Not Easily Contented
Mayaman	Party-goer/Mahilig sa mga	Not Friendly/Unapproachable
Modernized	Salusalo	Not Open-Minded
Naniniwala sa Kapit-Bisig/Strong	Pinapahalagahan ang Payo ng	Palaging Late Pangit/Maot
Community Spirit	Nakakatanda	Papansin/ Showy
Open-Minded	Pinapaikli ang mga Salita	Parang Laging Galit/Isog
Optimistic/Positive thinker	Private/Secretive	moistorya
Organized	Religious	Pasaway/ Badlongon Poor
Patient	Sensitive	Pretentious
Physically Fit and Strong	Serious	Rebellious
Polite/Respectful	Simple	Reklamador
Professional	Singkit	Rude/Inconsiderate
Realistic	Strict	Sarcastic Scandalous
Trustworthy/Responsible/Reliabl	Strict ang Kanilang Parents	Self-Centered/Egocentric
Understanding/Considerate	Superstitious/Naniniwala Sa	Smelly Armpits
Values Brotherhood/Friendship	Kulam ug Wakwak	Social climber/ Gold digger
Values One's Culture		Stingy/Kuripot/Tihik
		Stubborn/Matigas Ulo
		Takot sa Ibang Ethnic Group
		Talks Without Any Evidence
		Their Language is Difficult to
		Understand
		Tsismoso/Tsismosa
		Two-Timer
		Umaasa sa Padrino System
		Untidy
		Unwilling to Listen/Learn the
		Other Group's Language

TUNGKOL SA MGA AWTOR

Si **ROMEO J. TORING JR.** ay nakapagtapos sa kolehiyo ng digring Batsilyer ng Sining sa Pilosopiya sa San Carlos Seminary College, Lungsod ng Cebu. Natápos niya ang kaniyang digring masterado sa Antropolohiya sa University of San Carlos (USC), Lungsod ng Cebu, na may tesis tungkol sa pagsusuri ng mga puwersa sa kalakalan ng isda sa Pasil, sa Lungsod ng Cebu na nailathala sa *AghamTao Journal*, ang opisyal na publikasyon ng Ugnayang Pang-Aghamtao, Inc., ang Anthropological Association of the Philippines. Bukod dito, naging bahagi din siya ng iláng kantitatibo at kalitatibong pananaliksik sa ilalim ng USC Center for Social Research and Education. Kadalasang pinagtutuonan ng kaniyang mga pag-aaral ang tungkol sa *development anthropology*, pagkain, kultura, *urban communities*, at *digital landscape*. Kasalukuyan siyang nagtatrabaho bílang isang *full-time* na instruktur ng Agham Panlipunan sa Department of Liberal Arts and Behavioral Sciences sa Visayas State University, Lungsod ng Baybay, Leyte.

Si **DR. LESLIE ANNE L. LIWANAG** ay nagtapos ng digring Batsilyer sa Araling Filipino, *magna cum laude*, at ng digring masterado sa Araling Filipino sa Pamantasang De La Salle, Maynila. Sa edad lámang na 26, nakamit niya sa nasabing pamantasan ang digring doktorado sa Araling Filipino (na may espesyalisasyon sa Wika, Kultura, at Midya) na may disertasyon sa mga kontribusyon ni Isabelo de los Reyes sa Araling Filipino. Kadalasang tumatalakay ang mga sanaysay niya sa mga kultural na pag-aaral, Araling Filipino, at Pilosopiyang Pilipino, na ipinipresenta sa iba't ibang internasyonal at pambansang kumperensiya, gayundin ang paglalathala ng mga ito sa mga lokal at internasyonal na journal. Sa ngayon, isa siyang assistant professor ng Department of Liberal Arts and Behavioral Sciences, Visayas State University, Baybay City, Leyte, Pilipinas.

Si **HILDA A. PEDRERA** ay nagtapos ng digring Batsilyer sa Edukasyong Sekondarya medyor sa Filipino, *magna cum laude*, sa Visayas State University, Lungsod ng Baybay sa Leyte. Natamo niya ang digring masterado sa Edukasyon medyor sa Pagtuturo ng Wikang Filipino sa Cebu Normal University, Lungsod ng Cebu. Ang kanyang pagpupursigi sa parehong akademiko at di-akademikong gawain ang nagdulot upang matanggap niya ang Garbo sa Albuera Award sa taóng 2017 dahil sa pagiging inspirasyon sa kabataan sa lokal na antas. Nakadalo at nakapresenta siya ng mga pag-aaral sa iláng pambansa at pandaigdigang kumperensiya. Nagsilbi siyang instruktur sa Filipino ng dalawang taon sa ilalim ng Department of Liberal Arts and Behavioral Sciences sa Visayas State University. Sa kasalukuyan, nagtuturo siya sa Visayas State University Integrated High School.